

Ang mga kakailanganin mo upang magpatala

Kinakailangan ang mga sumusunod para sa bawat miyembro ng pamilya na masasaklaw:

- Patunay ng kasalukuyang pinagsama-samang kita ng sambahayan*
- California ID o lisensya ng drayber para sa nasa edad na
- U.S. passport, kard ng legal residente, sertipikasyon ng citizenship o dokumento ng pagka-naturalisado**
- Petsa ng kapanganakan
- Numero ng Social Security o numero ng Pagkakalinlanan bilang Indibiduwal na Nagbabayad ng Buwis
- ZIP Code ng Tirahan

Ang Bukas na Pagpapatala sa

NOB. 1, 2016

— ENE. 31, 2017

Magpatala bago sumapit ang Dis. 15 upang masaklaw sa Ene. 1

Buong taon ang pagpapatala sa Medi-Cal.

Kinakailangan ko bang magkaroon ng seguro pangkalusugan?

Ang karamihan ng tao ay inatasan ng batas na magkaroon ng segurong pangkalusugan at kung hindi ay magbabayad sila ng multang buwis. Sa 2017, ang multa ay \$695/nasa hustong gulang, \$347.50/bata wala pang 18 (hanggang sa \$2,085/pamilya) o hindi bababa sa 2.5% ng taunang pinagsama-samang kita ng iyong sambahayan, alinman ang mas mataas.

*Patunay ng kasalukuyang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan ng buwis gaya ng tax return, W-2 o payslip. Dapat lang isama ang kita ng dependent kung ang antas ng kanilang kita ay nangangailangan ng tax return. Ang sambahayan ay inilalarawan bilang tao na naghahain ng mga buwis bilang pinuno ng pamilya at lahat ng dependent ay kumuha sa mga buwis ng taong iyon. Kung hindi ka naghahain ng mga buwis, maaari ka pa ring maging kwalipikado para sa libre o murang seguro sa pamamagitan ng Medi-Cal.

**Maaari kang mag-apply para sa iyong anak kahit na hindi ka kwalipikado. Maaari ding mag-apply ang mga sambahayang may mga miyembro na hindi legal na kasama.

Mayroon kang mga opsyon

Nag-aalok ang Covered California ng apat na antas ng saklaw: Bronze, Silver, Gold at Platinum. Sa bawat antas, nagbabayad ang mga kumpanya ng isang bahagi ng mga saklaw na medikal na serbisyo. Ang mga benepisyo na inaalok sa loob ng bawat antas ay magkakapareho kahit ano pa ang kompanya ng seguro ang pipiliin mo.

ANTAS NG SAKLAW	TAUNANG BAWAS	AVERAGE NA BINAYARAN NI/NG	
		KUMPANYA NG SEGURO	IKAW
Bronze	OO	60%	40%
Silver	OO	70%	30%
Gold	HINDI	80%	20%
Platinum	HINDI	90%	10%

- **Piliin ang Platinum o Gold** at magbabayad ka ng mas mataas na buwanang premium, ngunit magbabayad ka nang mas mababa para sa mga serbisyong medikal.
- **Piliin ang Silver o Bronze** at magbabayad ka ng mas mababang buwanang premium, ngunit magbabayad ka nang mas mataas para sa mga serbisyo medikal.
- **May makukuhang isang plano ng pinakamababang saklaw** sa mga wala pang 30 taong gulang o para sa mga makakapagpatunay ng kahirapan sa pinansiya.

Ang Silver ang tanging antas kung saan ang iyong nababawas at iba pang mga gastos ay maaaring maging mas mababa batay sa pinagsama-samang kita ng iyong sambahayan.

Para sa higit pang impormasyon o upang maghanap ng libre, lokal at personal na tulong, mangyaring makipag-ugnayan sa:



CoveredCA.com | 800.983.8816

FIL-0816

Matutulungan ka ng Covered California na Makakuha ng Abot-kayang Pagsaklaw sa Kalusugan

Ang mga kailangan mong malaman



Welcome sa Covered California



Kami ang bahala sa iyo.

Ang Covered California ay kung saan makakabili at makakapagkumpara ang mga taga-California ng mga de-kalidad na planong pangkalusugan sa iba't ibang kumpanya ng brand-name na seguro. Maaari ka pang makakuha ng tulong sa pagbabayad para rito.

Narito kami upang tumulong.

Nag-aalok ang Covered California ng libre, lokal, personal na tulong sa pagpapatala, online chat at tulong sa telepono sa 13 wika pati na rin para sa may kapansanan sa pandinig.



Upang magsimula, bisitahin ang **CoveredCA.com** o tumawag **800.983.8816**.

Tingnan kung makakakuha ka ng tulong sa pagbabayad para sa iyong seguro sa kalusugan.



Kwalipikado ka ba? Alamin dito.



Pinakamataas na Taunang Kita ng Sambahayan upang Maging Kwalipikado para sa Pinansyal na Tulong

LAKI NG PAMILYA	MEDI-CAL	COVERED CALIFORNIA
1	\$16,394	\$47,520
2	\$22,107	\$64,080
3	\$27,820	\$80,640
4	\$33,534	\$97,200
5	\$39,247	\$113,760
6	\$44,960	\$130,320

Maaari kang maging kwalipikado para sa mura o libreng Medi-Cal.

Maaari kang maging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng Covered California.

Ang lahat ng numerong nakalista sa itaas ay mga pagtatantya. Para sa mas malalaking pamilya, mangyaring bisitahin ang Shop and Compare tool sa CoveredCA.com upang malaman kung kwalipikado ang iyong pamilya.

Shop and Compare

Bisitahin ang CoveredCA.com at piliin ang "Shop and Compare" upang makita kung anong mga brand-name na planong pangkalusugan ang tama para sa iyo.



May mga tanong ka pa?

Panoorin ang aming mga video ng "Welcome to Answers" sa CoveredCA.com/FAQS